# Paunawa sa Tulong Pinansyal at Buod ng Patakaran Scripps sa Simpleng Wika

Madalas na hindi inaasahan ang pakakaospital at kung minsan ay mas mahal kaysa sa inipon. Kung wala kang insurance o nahihirapan kang bayaran ang mga medikal na gastusin, maaaring mag-alok ang Scripps ng mga opsyon ayon sa iyong partikular na kalagayan.

## TULONG SA PAGBAYAD NG IYONG BILL

- **Charity Care**: Para sa mga pasyenteng mababa ang kita at walang insurance na kumikita ng mas mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan (FPL, acronym sa Ingles), hindi na sisingilin ng Scripps ang kabuuang bill.
- **May Diskwentong Pagbabayad**: Para sa mga pasyenteng kumikita sa pagitan ng 201% at 400% ng FPL, hindi na sisingilin ng Scripps ang bahagi ng iyong bill.
- **Self-pay na programa**: Anuman ang antas ng kita, kung wala kang insurance, magbibigay ang Scripps ng may diskwentong bill.
- **Mga plan sa pagbabayad**: Available din ang mga plan sa pagbabayad na walang interes at pinalawig.

## KUNG PAANO MAG-A-APPLY

Punan ang isang Aplikasyon sa Tulong Pinansyal upang masuri namin ang mga opsyon kung saan ka karapat-dapat batay sa iyong partikular na kalagayang pinansyal. Maaari kang,

- Mag-apply online sa iyong MyScripps portal,
- Mag-print ng kopya mula sa Scripps.org, o
- Tumawag sa **1-877-SCRIPPS (727-4777)** para sa tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon o para sa karagdagang impormasyon sa tulong pinansyal

## MGA PROGRAMANG ITINATAGUYOD NG GOBYERNO NA MAAARI KANG MAGING KWALIPIKADO

Ang programang Medi-Cal Hospital Presumptive Eligibility ay nagbibigay ng agarang access sa mga kwalipikado sa pansamantala at libreng Medi-Cal, available ang mga aplikasyon mula sa mga kawani ng pagpaparehistro ng ospital. Madalas ang nagbabago ang mga kinakailangan sa kasalukuyang kita at sa programa. Para makakuha ng tulong sa aplikasyon para sa Medi-Cal, tumawag sa 1-866-262-9881.

Ang California Health Benefit Exchange ay maaaring mag-alok ng insurance plan sa tulong ng mga subsidya ng gobyerno na nagpapababa sa halaga ng iyong buwanang premium, depende sa antas ng iyong kita. Para alamin ang higit pa, bisitahin ang CoveredCA.com o tumawag sa 1-800-300-1506.

Scripps

## MGA MAPAGKUKUNAN NG SCRIPPS

Para makakuha ng mga libreng kopya ng mga patakaran sa tulong pinansyal ng Scripps, Buod sa Simpleng wika at aplikasyon;

- Makipag-ugnayan sa aming mga tagapayo sa pananalapi sa **1-877-SCRIPPS (727-4777)**,
- Bisitahin ang **Scripps.org/HelpPayingYourBill**
- Bisitahin ang pangunahing admitting department sa alinmang Scripps hospital o
- Scripps Corporate Business Services,
- 10790 Rancho Bernardo Rd., San Diego, CA 92127.
- Mag-sign up para sa isang MyScripps account o i-access ang iyong kasalukuyang account para simulan ang iyong aplikasyon para sa tulong pinansyal.

Alamin ang higit pa tungkol sa aming mga programa sa pagbisita sa **Scripps.org/HelpPayingYourBill**. Ipaalam sa amin kung kailangan mo ng aming mga libreng serbisyo sa pagsasalin o kailangan mong isalin ang isang dokumento sa iyong wika.

## ABISO SA PAGKAKAROON NG MGA SERBISYONG NABIBILI SA ONLINE

Maa-access ng mga consumer ang listahan ng aming mga serbisyong nabibili sa **Scripps.org/PriceTransparency**, o makakahanap ang mga kasalukuyang pasyente ng Scripps ng higit pang impormasyon sa aming portal ng pasyente sa MyScripps at sa **Scripps.org/MyScrippsEstimates**.

## HOSPITAL BILL COMPLAINT PROGRAM

Ang Hospital Bill Complaint Program (Programa sa Pagrereklamo sa Bill ng Ospital) ay isang programa ng estado, na sumusuri sa mga desisyon ng ospital tungkol sa kung ikaw ba ay kwalipikado para sa tulong sa pagbabayad ng iyong bill sa ospital. Kung naniniwala kang hindi patas ang pagkakait sa iyo ng tulong pinansyal, maaari kang magsampa ng reklamo sa Hospital Bill Complaint Program. Pumunta sa HospitalBillComplaintProgram.hcai.ca.gov para sa higit pang impormasyon at magsampa ng reklamo.

## TULONG SA LOKAL NA CONSUMER

May mga libreng organisasyong nagtataguyod ng consumer na tutulong sa iyo na maunawaan ang proseso ng billing at pagbabayad. Maaari kang tumawag sa Health Consumer Alliance sa 888 804-3536 o pumunta sa healthconsumer.org para sa karagdagang impormasyon.

## TULONG SA WIKA

Bisitahin ang link ng **Scripps.org/Identify** para sa wika.

## MGA TULONG AT SERBISYO PARA SA MGA MAY KAPANSANAN

Available din ang mga tulong at serbisyo para sa mga may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille, malalaking print, audio, at iba pang naa-access na electronic format. Libre ang mga serbisyong ito.

© Hunyo 2024 Scripps Health, #100-8560-235